

## **APENDISE II**

# **Pagtatampok sa Akademikong Rebyu ng mga Aklat ng *Saliksik E-Journal*. Mga Daloy at Tunguhin sa Talastasang Pilipino**

**Axle Christien Tugano**

Department of Social Sciences

University of the Philippines Los Baños

Sa kabila ng napakaraming aklat na inilalathala taun-taon, sa iba't ibang disiplina, perspektiba, at pananaw, siya namang hindi lipos ang mga naililimbag, kung hindi man, naisusulat na mga akademikong rebyu ng mga aklat o panunuring-aklat. Mahalaga ang ginagampanang papel ng mga panunuring-aklat sa talastasang pantao at lalo na sa akademiya. Hindi lamang ito isang simpleng paglalahad sa nilalaman ng aklat, bagkus higit nitong kinapapalooban ang mga kritikal na pagpapasya, pagkilatis o pagsusuri, at pag-apuhap ng mga kaalaman mula sa binasang mga akda patungo sa pagbubuo at kapakinabangan ng bayan o sariling talastasan.

Noon pa man, matibay ang aking naging antisipasyon hinggil sa talamak na pagbibigay ng kahulugan ng karamihan sa panunuring aklat. Tila gayundin ang tunguhin nito sa depinisyong ibinigay ng *University of Southern California* (2021) hinggil sa panunuring aklat, "...it is a thorough description, critical analysis, and/or evaluation of the quality, meaning, and significance of a book, often written in relation to prior research on the



*topic*.<sup>1</sup> Tradisyunal ang pagtrato – deskriptibo, pagbibigay ng analisis, at paghahatol. Idinagdag pa nga kung minsan na ang isang “tunay” na akademikong rebyu diumano ay nailalagom at naipapaliwanag na sa 500 hanggang 2,000 mga salita.<sup>2</sup> Ang ganitong istandard at panuntunan ay tipikal na nababanaag sa ilang mga refirado, *de-indexed*, o *de-Scopus* na dyornal. Samakatuwid, dahil sa limitasyon at itinakdang parametro, posibleng mabalaho ang pagrerebyu sa mga aklat. Higit na masaklap, ang kabawasan ng samu’t saring analisis hinggil dito. Kaya’t hindi rin nakapagtataka kung bakit tila bumulusok sa kalat-kalat na dyornal ang mga panunuring aklat na tila idinulot lamang ng ipinilit na pagpupugay, pambobola, at pagtataas (*praising*) ng ilang mga rebyuwer sa kanilang “binasang” mga akda.<sup>3</sup> Masalimuot ang ganitong uri ng pagrerebyu. Sa minsang tinuran ni Zeus Salazar (2021), iginiit nito na naglilipana rin sa akademiya ang pagkakaroon ng mga *dishonest review* sa ilang mga kumplikado at teoretikal na aklat. Tinurol ni Salazar ang ilang isyu ng pagrerebyu. Nariyan diumano ang nagrerebyu ng isang kabanata lamang (nang hindi man lang nababasa ang buong aklat). Gayundin ang kakulangan o kawalan ng pagbubuod bago gawan ng isang *critique* ang aklat.<sup>4</sup> Bilang resulta, naglalaho ang esensiya ng kawastuhan ng isang akademikong rebyu.

Ako man, sa mumunting panahon ng aking pag-aaral ng Kasaysayan sa antas ng kolehiyo, sinukuban din naman ng tradisyunal na kaalaman patungkol sa panunuring aklat. Minulat sa paulit-ulit at siklikal na daloy nito mula sa tinurang “sistematikong” pormat – mula sa Introduksiyon, Tungkol sa May-Akda, Buod o Nilalaman (bawat kabanata pa nga), mga Kalakasan at Kahinaan ng Aklat, Konklusyon, at ilang mga Rekomendasyon.<sup>5</sup> Konstant ang pagrerebyu na tila bagang walang

---

<sup>1</sup> University of Southern California, “Organizing Your Social Sciences Research Paper” *USC Libraries*, 2021, <https://bit.ly/3lIOE8G>.

<sup>2</sup> USC, *Organizing Your Social Sciences Research Paper*.

<sup>3</sup> Karen Tracy, “Constructing an Academic Book Review”, *Human Studies* 20, blg. 1 (1997): 117.

<sup>4</sup> Komunikasyon kay Zeus Salazar sa e-mail (2021, Enero). Iginiit ni Salazar na ang ganitong uri ng pagrerebyu ay hindi maaaring ikumpara sa mga tunay na panunuring-aklat at panunuring-artikulo, higit lalo hindi sa antas ng mga rebyu.

<sup>5</sup> Karaniwang *bulleted* o *Roman Numeral* ang pormat o templeyt ng mga kinamulang pagrerebyu. Malayung-malayo ito sa natutuhang panunuring-aklat matapos ang taong 2015. Kinamulatan ang sistemang *mala-echoing* na uri ng pagrerebyu. Ibig sabihin, kung ano ang sinabi ng



kalayaang tutulan o ikulong lamang ang talastasan sa pamamaraang nagtatakalay ng kaalaman mula sa mga akda. Halimbawa, dahil nga sa idinikta ng mga templeyt, paano lalagyan ng *Kalakasan* at *Kahinaan* ang isang rebyu kung wala naman talagang kalakasan o kahinaan man lang ang isang aklat o *Rekomendasyon* kung hindi naman ito talagang karekorekomenda? Ipipiliit ba ng mga rebyuwer na hanapan ng *kalakasan*, *kahinaan*, o *rekomendasyon* ang isang aklat sa ngalan na matugunan lamang ang idiniktang pormat ng panunuring aklat? Ito marahil ang nagiging dahilan kung bakit ganoon ang naging tunguhin ng talastasan sa pagbabasa/pagrerebyu ng mga aklat sa maagang kamalayan ng mga mag-aaral.


Kung gayon, kinakailangang kumalas at umalpas sa ganitong mababaw at limitadong kalidad ng pagrerebyu ang kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral (lalo na sa agham panlipunan). Ang ideyal na pagrerebyu sa mga aklat ay hindi lamang isang simpleng pag-uulit (*echoing*) ng mga nabanggit nang punto at nilalaman. Bagkus, kinakailangang mahanapan ito ng diwa at lawak at higit sa lahat, kaambagan at kapakinabangan lalo na sa talastasang Pilipino.

Sa ganito ko personal na nakikita ang samu't saring daloy at tunguhin ng *Saliksik E-Journal* sa pagpapayaman ng talastasang Pilipino. Itinuro nito sa akin ang makabago at binagong sistema ng kinamulatang pagrerebyu sa mga aklat o kabanata ng aklat. Makikita ang ganitong pagtrato sa mga nailimbag kong mga rebyu sa refiradong dyornal.<sup>6</sup> Sa

---

may-akda at nilalaman ng aklat ay siya ring dapat mababasa sa mga rebyu. Kaya noong mga taong pagkatapos ng 2015, ikinagulat ang tinuran kong “makabagong” uri ng panunuring-aklat. Lalo na ang pagkakaroon ng mga teoretikal at kritikal na paghihimay sa buong akda. Nariyan pa nga ang pagkabatid na maari palang magkaroon ng talasanggunian ang isang panunuring-aklat na noo’y buong akala’y eksklusibong irerebyu lamang ang isang aklat – paggamit ng ibang literatura bilang panusog, pagkomenda, at pagtutol sa binabasang akda.

<sup>6</sup> Axle Christien Tugano, “Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa”, *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 1, blg. 2 (2018): 57-75, rebyu sa Ambeth Ocampo, *Looking Back 4: Chulalongkorn’s Elephants: The Philippines in Asian History* (Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2011); Axle Christien Tugano, “Ugnayang Tsino’t Pilipino sa Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas”, *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 2, blg. 1 (2019): 66-83, rebyu sa Donna Mae Arriola at Eleonor Marie Lim, “Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery”, nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, ed. Grace Barretto-Tesoro, 41-80 (Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016); at Axle Christien Tugano, “Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng *Diaspora* at Rebolusyong Pilipino”, *Tala Kasaysayan: An Online Journal of*



kabuuan ng artikulong ito, maliban sa pagtatampok at pagsasakasaysayan ng dyornal, makikita rin kung paano ito naiiba at natatangi. Ayon kay Vicente Villan (2021) ng U.P. Diliman Departamento ng Kasaysayan, isa sa mga katangian ng dyornal ay upang palawigin ang rebyu sa mga aklat na mayroong elaborasyon sa puntong nais na bibigyang diin.<sup>7</sup> Walang dudang bukod sa sistematiko ang isyu, tematiko rin ang pag-aapuhap nito sa mga paksang pinag-aaralan at itinatampok (makikita ang detalyadong pagpapaliwanag sa mga susunod na bahagi). Gayumpaman, lantarang sinasagot ng dyornal ang paratang ng iilang kritiko sa *Pantayong Pananaw* bilang isang mayopikong pananaw na eksklusibong pinag-aaralan lamang ang sariling kasaysayan at kalinangan. Umaangkin din ng kaisipang labas ang *Pantayong Pananaw* hangga't magagamit ito sa pagbubuo ng sarili/kabuuan pangkalinangan. Isang patunay rito ang pagrerebyu sa mga banyagang literatura at babasahin na sinisikap hanapan ng kabuluhan at kapakinabangan sa talastasang F/Pilipino.

### **Ang Panunuring-Aklat sa mga Refiradong Dyornal sa Wikang F/Pilipino**

Sa bansang Pilipinas, marhinalisado ang mga dyornal na naisusulat sa wikang F/Pilipino. Limitado ang eksposyur ng mga artikulong nasa wikang F/Pilipino sa *social media* dahil kalimitan sa mga ito ay hindi nagtataglay ng *Digital Object Identifier* (DOI) o permanenteng kodigo na nagiging pagkakakilanlan ng isang limbag na pag-aaral. Dahil sa wala nga itong DOI *number*, hindi maitatanghal ang mga artikulo sa mga pinakamalaking *database* ng siyentipikong dyornal katulad ng *Thomson Reuters Web of Science (WoS)*, ang *Elsevier's Scopus*, at *Google's Scholar Citation*.<sup>8</sup> Gamit ang mga nabanggit na *database*, mababatid ng mga iskolar at manunulat ang detalyadong impak ng kanilang mga pag-aaral. Sa pamamagitan ng *h-index* at *uo-index*, masisilayan kung gaano kalakas ang idinulot o impak ng isang pag-aaral batay sa bilang ng mga *citations* nito

---

*History* 3, blg. 2 (2020): 119-135, rebyu sa Renato Perdon, "First Filipino Settlement", nasa *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines*, awt. Renato Perdon, 57-74 (Sydney, Australia: Manila Prints, 2014).

<sup>7</sup> Komunikasyon kay Vicente Villan sa e-mail (2021, Marso 21).

<sup>8</sup> Gnana Bharathi, "Methods Employed in the 'Web of Science' and 'Scopus' Databases to Effect Changes in the Ranking of the Journals", *Current Science* 105, blg. 3 (2013): 300.



mula sa iba pang mga artikulo o dyornal.<sup>9</sup> Ito rin ang nagiging batayan minsan kung bakit nahuhumaling ang karamihan sa atin na sumulat – lalo na sa wikang Ingles.

Sa ganang ito, tila nagiging dayuhan tayo sa sarili nating wika. Tila bago, natatangi, o kamangha-mangha ang isang tao kung sumulat ng pananaliksik gamit ang wikang F/Pilipino. “Wow, ang lalim ng mga Tagalog”, ang kadalasang wika sa akin kapag nababasa ng iilan ang aking mga limbag na artikulo. Ang ganitong engkuwentro ng kamangmangan sa sariling wika ay talamak na nangyayari sa akademiya. Dahil sa marhinalisado at hindi “natural” ang pagtangkilik sa wikang F/Pilipino, salat ang mga Pilipino sa mga limbag na pag-aaral na nasusulat sa wikang sarili. Isang malinaw na halimbawa sa ganitong reyalidad ay nabanggit ni Syed Farid Alatas (2020) ng *National University of Singapore*. Ani niya:


It is paradoxical that in our own countries... people are reluctant to publish in their own languages. Because they are not rewarded for publishing in their own languages... Because there are hardly any journals – in Malaysian and Indonesian, and probably it’s the same thing as far as Tagalog is concerned – which are highly ranked. And therefore you don’t get as much credit for publishing in those languages in the local journals as you do in publishing in international journals. So until the reward system is changed or altered, we’re not gonna able to resolve such problems. And it requires not only our pushing but it also requires changes on policies. So maybe something we can do is talk to, a sort of exert pressure on our Ministries of Education.<sup>10</sup>

Tinumbok ni Alatas ang karupukan ng mga Pilipino sa paggamit ng wikang F/Pilipino sa pakikipagtalastasan. Ibinida muli nito ang bansang Hapon, halimbawa, na walang kaso roon kung maglimbag ang mga iskolar (lalo na sa agham panlipunan) sa mga lokal o sa pandaigdigang dyornal man. Hindi ito nagiging daan sa diskriminasyon sa pagitan ng mga iskolar

---

<sup>9</sup> Jerry Jacobs, “Journal Rankings in Sociology: Using the H Index with Google Scholar”, *The American Sociologist* 47, blg. 2/3 (2016): 192.

<sup>10</sup> Syed Farid Alatas, “Rizal’s Sociology of Colonial Society”. Lekturang *Alternative Sociologies, Counter-Sociologies: Jose Rizal and Pandita Ramabai Saraswati’s Contributions to Sociological Theory* (Department of Sociology and Anthropology and Anthropological and Sociological Initiatives of the Ateneo Seminar Series on the Web, 2020).



na Hapones.<sup>11</sup> Sa madaling salita, walang kaso roon kung saang dyornal nagsusulat ang mga iskolar. Hindi tulad ng Pilipinas, malaking isyu ito. Ang ilan sa mga unibersidad ay nagpopromowt lamang ng kanilang kaguruan kapag ito ay nakapaglimbag sa de-*Scopus indexed* na dyornal halimbawa – at malamang ito ay nasa wikang Ingles. Gayundin, para sa iilan, ang pagsusulat gamit ang wikang F/Pilipino sa lokal na mga dyornal ay tila hindi katanggap-tanggap.

Ano ang implikasyon nito? Mapag-iiwanan ang mga Pilipino. Dahil sa labis na pagkahumaling sa wikang banyaga bilang inisyal na motibasyon ng pagsusulat, walang duda na magiging salat din tayo sa mga babasahing nasusulat sa wikang sarili sa hinaharap. Katulad ng mga aklat at dyornal, ito rin ang kinasasapitan ng ilang mga panunuring-aklat. Kasabay ng limitadong dyornal na nasa wikang F/Pilipino ay siya ring kasalatan ng mga panunuring-aklat na nasusulat sa sariling wika.

Sa akademiya at talastasang Pilipino, iilan lamang sa mga dyornal ang naglalabas ng mga panunuring-aklat na nasa wikang F/Pilipino. Kabilang sa “iilang” ito ay ang *Malay Journal* ng Pamantasang De La Salle. Nagsimula na itong maglabas ng isyu simula pa noong dekada 1980. Ito ay isang multi at interdisiplinaryong dyornal sa Araling Filipino ng nasabing pamantasan.<sup>12</sup> Sa parehong institusyon, sumibol ang *Dalumat E-Journal* bilang repositoryo ng pananaliksik at pag-aaral sa Humanidades, Agham Panlipunan, Pilosopiya at Agham.<sup>13</sup> Taong 2010 nang lumabas ang unang edisyon ng dyornal.<sup>14</sup> Bagama’t selektibo rin ang paglalabas nila ng mga isyung kinalalakipan ng mga panunuring-aklat.

Samantala, taong 2016 naman unang inilabas ng Pamantasang Ateneo de Manila ang *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino* bilang isang opisyal na dyornal na naglilimbag ng mga pananaliksik na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng


---

<sup>11</sup> Syed Farid Alatas, *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism* (California: Sage Publications Inc., 2006), 191.

<sup>12</sup> De La Salle University (DLSU), “Malay Research Journal” *De La Salle University*, w.tna, <https://bit.ly/38Q8ULd>.

<sup>13</sup> DLSU, “Mga Patnugot” *Dalumat: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Filipino*, w.tnb, <https://bit.ly/3qUeDFq>.

<sup>14</sup> Komunikasyon kay Rhoderick Nuncio sa e-mail (2021, Marso 17).



wikang F/Pilipino at pagpapahalaga sa wikang F/Pilipino.<sup>15</sup> Dalawang taon pagkatapos, taong 2018 nang unang lumabas ang *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) bilang isang bilinggwal na dyornal sa Kasaysayan na tumutuon sa iba't ibang sangay nito katulad ng Kasaysayang Pulitikal, Kasaysayang Kultural, Kasaysayang Diplomasya, at marami pang iba.<sup>16</sup> Kahanga-hangang sa kabila ng paggamit nila ng wikang Ingles bilang opisyal na wika ng dyornal, tinatanggap pa rin nila ang mga artikulong naisusumite gamit ang wikang F/Pilipino. Naging aktibo rin sila sa pagtanggap ng mga panunuring-aklat na nasa wikang F/Pilipino.<sup>17</sup>

Ang unang tatlong banggit na pamantasan sa itaas ay walang dudang nagsusulong ng talastasang Pilipino. Sinikap na punan at matugunan ang pagpapayabong ng Araling Pilipino o anumang kaugnay na disiplinaryang nag-aaral sa kultura, kasaysayan, at kalinangan ng mga Pilipino. Sa *Asian Center* ng U.P. Diliman, nagkaroon noong 2019 hanggang 2020 ng isang plano at proyektong bumuo ng isang opisyal na dyornal na magiging repositoryo ng mga gradwadong pag-aaral at pananaliksik tungkol sa Araling Pilipino. Isang kabalintunaan marahil ang pagkakaroon ng programang *Philippine Studies* ngunit walang opisyal na dyornal ang susukob sa magiging ambag ar tunguhin nito. Ang ganitong inisyatiba ay sinimulan namin ng ilang mga kasamahan sa programa ngunit nananatili pa ring proyekto hanggang sa ngayon na inaasahang maisasakatuparan sa lalong madaling panahon.<sup>18</sup> Gayumpaman, kasama rito ang paglalakip ng mga isyung kinasasangkutan ng mga panunuring-aklat hinggil sa Araling Pilipino at mga kaugnay na disiplina- na hangga't maaari ay maisulat sa wikang F/Pilipino.


---

<sup>15</sup> Ateneo de Manila University, "Focus and Scope" *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino*, w.tn, <https://bit.ly/3vvxI4h>.

<sup>16</sup> University of Santo Tomas, "About the Journal" *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History*, w.tn, <https://bit.ly/30RJDLI>.

<sup>17</sup> Cf. tala blg. 6, mga limbag na artikulo ni Tugano. Kasamang nailabas sa kanilang mga isyu ang Romel Misa, "Ang Paglalakbay sa Ibayo: Isang Pagtalakay sa *Palanyag to Parañaque: A History ni Dulce Festin-Baybay Bilang Isang Kasaysayang Panglokal*", *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 2, blg. 2 (2019): 227-234, rebyu sa Dulce Festin-Baybay, *Palanyag to Parañaque: A History* (Parañaque City, 2001).

<sup>18</sup> Unang napag-usapan sa *Asian Center* ang ganitong plano kasama sina Marc Vanguardia, Jun Valila, at Dr. Noel Christian Moratilla, aming guro. Bagama't naiharap na ang proyekto kay Dekano Dr. Joefe Santarita, umaasang maisasakatuparan sa hinaharap ang mga napag-usapan.



Nakakatuwang sapantahain na tila lumalakas at tila ipinagpapatuloy ang talastasang Pilipino sa paglitaw ng iba't ibang dyornal partikular na ang mga panunuring-aklat na nasa wikang F/Pilipino. Bagama't iilan lamang ang mga ito sa aking mga nabanggit, maaaring mayroong makaligtaan at walang nalalaman sa mga dyornal na umiiral katulad nito. Sa inisyal na kabatiran at personal na paglilitis, tinupad ng *Saliksik E-Journal* ang pagkakaroon ng konsistent na pag-aambag sa talastasang Pilipino. Lalo na sa pinapaksa ng pag-aaral na ito, konsistent ding tinuguan ang paglabas ng mga panunuring-aklat na nasa wikang F/Pilipino sa bawat isyu nito. Maaasahan sa susunod na bahagi ang pagsasakasaysayan sa dyornal na ito na mayroong tuon sa daloy at tunguhin nito.

### **SALIKSIK E-JOURNAL: KASAYSAYAN AT KABULUHAN**

Katulad ng napag-usapan namin ng kasamang Mark Joseph Santos (2021), bukod tangi ang *Saliksik E-Journal* sa mga pinagpapasahan naming mga dyornal ng pananaliksik sapagkat wala itong kinakabitang akademikong institusyon katulad ng mga paaralan o unibersidad.<sup>19</sup> Samakatuwid, isang nagsasariling dyornal ang *Saliksik* ngunit mababakas dito ang mga diwa at lawak pagdating sa pagbaybay ng kalinangan at kasaysayang Pilipino. Bilang pansariling pagtatatwa, hindi pagmamalabis ang pagtatampok sa dyornal na ito. Bagkus, sa ganang panunuring-aklat ang pinag-uusapan sa artikulong ito, walang iba, liban sa dyornal na ito, ayon sa aking nalalaman sa ngayon, ang nabanaagan ko ng konsistent na paglabas ng mga isyu ng mga panunuring-aklat na nasa wikang F/Pilipino.

### **Maikling Kasaysayan ng Dyornal**

Iniluwal ng Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS) ang *Saliksik: Saysay ng Salaysay E-Journal*. Ang BAKAS ay isang grupo sa kasaysayan na

---

<sup>19</sup> Personal na komunikasyon kay Mark Joseph Santos (2021, Pebrero).





kumikilala at nagpapaibayo sa *Pantayong Pananaw* at *Bagong Kasaysayan*.<sup>20</sup> Bagama't una itong binuo ni Dr. Zeus Salazar, Ama ng *Pantayong Pananaw* noong 1985 sa Alemanya, naging tagapagtaguyod din sina Agnes Urban-Mendoza, Nilo Ocampo, Jaime Veneracion, at Evelyn Miranda.<sup>21</sup> Pagkatapos buuin ang BAKAS, naglathala ito ng samu't saring publikasyon at ang *Saliksik* nga ang pinakabagong publikasyong seryal ng samahan.

Nagsilbing *refereed e-journal* ang *Saliksik* mula nang maitatag ito/matapos ang inawgyural na taon nito noong 2012 nina Salazar, Jaime Tiongson, at Lorenz Lasco. Ayon kay Atoy Navarro (2021), ang nagsisilbing Tagapamahalang Patnugot ng dyornal, matagal nang napag-usapang maglabas ng dyornal ang BAKAS matapos mahinto ang paglabas ng serye ng monograp nito.<sup>22</sup> Kinalaunan lamang pumasok si Navarro sa *Saliksik* pagkatapos ilatag nina Salazar, Tiongson, at Lasco ang pundasyon ng dyornal. Unang lumabas bilang isyu ang *Tomo 1, Bilang 1* na walang ibang laman liban sa mga pagpapakilala sa dyornal.

Naitampok din bilang Lupon ng mga Patnugot ng dyornal ang mga kilalang historyador, siyentista, at iskolar sa larangan ng Kasaysayan, Agham Panlipunan, at iba pang mga kaugnay na disiplina. Kabilang sa lupon sina Enrico Azicate ng *Manchester Medical School-Salford*, United Kingdom; Dr. Kenneth Bauzon ng St. Joseph's College, New York; Dr. Oscar Campomanes ng Pamantasang Ateneo de Manila; sina Dr. Ernesto Constantino, Dr. Prospero Covar, Dr. Milagros Guerrero, at Dr. Armand Mijares ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman; Felipe de Leon Jr. ng *National*

---

<sup>20</sup> Samahan na binuo noong 2002 na naglalayong makapagbigay ng pagsasanay sa mga guro ng agham panlipunan. Taong 2004 nang pormal itong buuin upang isulong ang mga kaisipan ni Zeus Salazar. Sa pangkalahatan, may tatlong layunin ang BAKAS: (1) ipalaganap ang Bagong Kasaysayan o Bagong Historiograpiyang Pilipino at ang "Pantayong Pananaw" o mga pananaw na Pilipino sa pagsusulat at pagpapahalaga ng kasaysayan ng Pilipinas at sa lahat ng may kaugnayan sa kasaysayang Pilipino; (2) tulungan ang mga guro at mga mag-aaral na mahasa ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo, pagsusulat ng mga pananaliksik, at publikasyon; at (3) magsagawa ng mga proyektong magpapalaganap ng kapantasang Pilipino sa wikang F/Pilipino na hindi lamang nalilimitahan sa mga libot-panayam, mga kumperensiya, pananaliksik, at mga publikasyon. Cf. "Ukol sa mga Tagapaglathala: Ang Bakas, Inc.– Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at ang Pila Historical Society Foundation, Inc." Nasa *Ang SAYSAY ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, eds. Ma. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Lunsod Quezon at Pila, Laguna: Bagong Kasaysayan, Inc. at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010), 508.

<sup>21</sup> Bagong Kasaysayan, "Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS) at SALIKSIK: SAYSAY ng Salaysay E-Journal", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 1 (2012a): 1.

<sup>22</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).



*Commission for Culture and the Arts*; Dr. Jose de Mesa ng Pamantasang De La Salle; Dr. Reynaldo Iletto ng *National University of Singapore*; Dr. Lily Mendoza ng *Oakland University*; Alberto Muyot ng Departamento ng Edukasyon; Dr. Jesus Peralta ng Pambansang Museo ng Pilipinas; Dr. Jean-Paul Potet ng *Lycee International Honore-de-Balzac*, France; at Dr. Zeus Salazar.<sup>23</sup>

### Kabuluhan sa Talastasang Pilipino

Ipinopook ng *Saliksik* ang talastasan at perspektibang Pilipino. Sumasayapak ang dyornal sa pagpupunyagi ng BAKAS na maglabas ng mga publikasyon sa wikang F/Pilipino at magsulong ng talastasan sa agham panlipunan, humanidades, kasaysayan, pilosopiya, at siyensiya sa wikang F/Pilipino.<sup>24</sup> Kung gayon, tinutungtungan din nito ang tunguhin at daloy ng *Pantayong Pananaw* bilang isang maka-Pilipinong pananaw sa pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas. Malinaw naman itong binanggit ni Zeus Salazar (1991):

Ang buod ng *Pantayong Pananaw* ay nasa panloob na *pagkakaugnay-ugnay* at *pag-uugnay* ng mga katangian, halagahin, kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal, at karanasan ng isang kabuuang pangkalinangan – kabuuang nababalot sa, at ipinapahayag sa pamamagitan ng isang wika; ibig sabihin, sa loob ng isang nagsasariling talastasan/diskursong pangkalina-ngan o pangkabihasnan.<sup>25</sup>

Bagama't nagkalat ang paratang ng mga kritiko sa *Pantayo* bilang isang pananaw na nag-aaral lamang sa sarili nitong kasaysayan, inaangkin din nito ang diwa at kaisipan ng labas hangga't magiging kapaki-pakinabang at magagamit ito ng mga Pilipino. Mismong si Salazar na ang nagtaguyod at nagsagawa ng mga pagsasalín sa mga banyagang literatura para sa talastasang Pilipino. Ang ganoong pagsasalín mula sa wikang Ingles

---

<sup>23</sup> Bagong Kasaysayan, “Lupon ng mga Patnugot”, *Saliksik E-Journal* 1, blg. 1 (2012b): 7.

<sup>24</sup> Bagong Kasaysayan, “Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS) at SALIKSIK: SAYSAY ng SALAYSAY E-JOURNAL”, *Saliksik E-Journal* 1, blg. 1 (2012a): 1.

<sup>25</sup> Zeus Salazar, 1991, “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan”, nasa *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, eds. Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante (Quezon City: C & E Publishing Inc., 2007), 102.



halimbawa, tungo sa wikang F/Pilipino ay hudyat ng pag-aangkinin ng kalinangang bayan sa ganitong hiram na kaisipan.<sup>26</sup>

Kung gayon, nakaangkla sa ganitong kabuluhan ang mga panunuring-aklat ng *Saliksik*. Marami sa mga aklat na nirerebyu nito ay naisusulat sa wikang Ingles. Hindi lamang isang simpleng pagsasalin ng nilalaman ang binabagtas nito bagkus ang pagtatangkang hanapin ang kapookang Pilipino. Sa pagrerebyu ng mga aklat sa dyornal na ito, kailangang maipakita ng nagsusuri na gamay nito ang talastasang kanyang kinapapalooban at kinasasangkutan kung kaya't napakahalaga ng pagpopook.<sup>27</sup>

Liban sa pagpopook, tinatangka ring sabayan ng *Saliksik* ang panahon. Upang mapanatili ang libra ng mga kabuluhan, inaaayon nito ang panuntunan sa pagpili ng mga akda (hindi lamang ng mga aklat) na irerebyu sa kalakaran ng mga dyornal sa loob at labas ng Pilipinas. Mahalagang kakalabas lamang ng aklat, na hangga't maaari ay hindi hihigit ng tatlong taon upang katawanin ang napapanahong talastasan tungkol sa tema ng isyu.<sup>28</sup>

Kaya't hindi lamang isang tipikal at simpleng rebyu ang inilalabas ng *Saliksik*. Sa pangkabuuan, mayroong iba't ibang uri ng kontribusyon ang *Saliksik*. Narito ang mga tampok na artikulo; pananaliksik; komentaryo sa tampok na artikulo o pananaliksik; rebyu ng aklat, palabas, pelikula, o sining biswal; panayam sa mga iskolar tungkol sa iba't ibang paksa; salin sa wikang /P ng iba't ibang akda at komentaryo ng nagsalin; liham sa patnugutan; at abstrak o buod ng mga tesis o disertasyon.<sup>29</sup>


---

<sup>26</sup> Zeus Salazar, "Mula sa Patnugot," nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, ed. Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974a), ix-x.

<sup>27</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).

<sup>28</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).

<sup>29</sup> Bagong Kasaysayan, "Gabay ng mga Manunulat", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 1 (2012c):



**ANG SALIKSIK E-JOURNAL SA DALOY  
NG TALASTASANG PILIPINO:  
MGA NATATANGING KATANGIAN**

Itinatampok sa bahaging ito ang tatlong katangiang natalisod sa mga isyu ng *Saliksik* lalo na sa mga rebyu (panunuring-aklat o panunuring-artikulo man) – (1) ang *Saliksik* ay tematiko at komprehensibo; (2) naglalabas ng mga artikulong rebyu ang *Saliksik*; at (3) higit pa sa *Pantayong Pananaw* ang *Saliksik*. Bagama't marami pa ang makakanaw na katangian mula rito, sinadyang bigyan lamang ng diin ang tatlong nabanggit.

**1. Ang *Saliksik* ay Tematiko at Komprehensibo**

Mayroong daloy o sistematiko ang inilalabas na mga isyu ng *Saliksik* mula taong 2012. Nakabatay ang lahat ng mga artikulo, rebyu, at mga kaugnay na ambag na pananaliksik sa napagkasunduang tema ng lupon. Kaya't hindi sabog-sabog o halu-halo ang mga artikulong inilalabas ng bawat isyu. Gayundin, nakabatay rin ang mga panunuring-aklat sa bawat tema. Sa pangkabuuan, ang kaibahan ng *Saliksik*, liban sa pagiging tematiko at nasa wikang F/Pilipino, ito ay laging mayroong komprehensibong introduksiyon na madalas na nagpapakita sa katayuan ng talastasan (*state-of-the-art*) ng tema ng isyu.<sup>30</sup>

Kaya't sa bawat tematikong isyu ng dyornal, lagi nitong kalakip sa unang pahina, bago ang mga ambag na pag-aaral, ang de-pamagat/titulado at de-bibliograpiyang mga *Pambungad ng Patnugot*. Kadalasang mahahaba ito na umaabot ng napakaraming pahina (makakatayo na nga bilang isang monograp kung minsan) kung ihahambing sa mga tipikal na pambungad ng ilang mga dyornal. Sa mga nakasanayang dyornal, kalimitang mababanaag sa mga pambungad ang mensahe ng pasasalamat, nilalaman, at maging ang lagda ng patnugot. Walang talastasang mabubuo rito. Sa ilalim ng *Saliksik*, itinuturo tayo ng mga patnugot sa tunguhin ng talastasan. Mula sa pagpapakilala ng kanilang sariling kapookan, pinapangatawanan din ng mga patnugot ang kaantasan, kahalagahan, at kapanahunan ng bawat tema sa kasalukuyang panahon. Makikita ang ganitong mga daloy at

---

<sup>30</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).



merito halimbawa, sa tuwing inilalatag ng mga patnugot ang samu't sari at napakaraming mga babasahin o literatura na mayroong kaugnayan sa pinapaksang tema ng bawat isyu. Liban sa hatid nitong kaalaman, ipinapakilala pa ng mga pambungad na ito ang mga posibleng dulog, metodo, at pananaw na maaaring makamtam ng mga mambabasa.


Sa kasalukuyan, tumatakbo ang daloy ng *Saliksik* sa labindalawang tema at patnugot nito. Sa unang tomo ng dyornal noong 2012, ipinakilala lamang ng patnugutan ang kasaysayan ng dyornal, *Pantayong Pananaw*, at *Bagong Kasaysayan*.<sup>31</sup> Sa mga sumunod na isyu, naging tematiko na ang paglabas nito. Nagkaroon ng sistematikong pambungad ang bawat patnugot.<sup>32</sup> Unang naging tampok bilang tema ang *Araling Kabanwahan at Araling Timog Silangang Asya* (2012) ni Atoy Navarro; *Sakayan, Sining, at Wika* (2013) ni Vicente Villan; *Kasaysayang Buhay, Kasaysayang Bayan, at Kasaysayang Kabanwahan* (2014) ni Adonis Elumbre; *Andres Bonifacio at Katipunan* (2014) ni Nancy Kimuell-Gabriel; *Austronesyano* (2015) ni Lars Raymund Ubaldo; *Araling ASEAN at Araling Timog Silangang Asya* (2015) ni Adonis Elumbre; *Araling Pangkapaligiran* (2016) ni Ma. Florina Orillos-Juan; *Kasaysayang Buhay* (2016a) ni Roderick Javar; *Araling Etniko* (2017) ni Mary Jane Rodriguez-Tatel; *Araling Kababaihan at Kasarian* (2017) ni Nancy Kimuell-Gabriel; *Festschrift kay Nilo Ocampo: Kasaysayang Pampook, Araling Rizal, at Wikang Filipino* (2018a) ni Atoy Navarro; at *Batas Militar* (2018) ni Michael Charleston Chua.<sup>33</sup>

---

<sup>31</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).

<sup>32</sup> Mark Joseph Santos, "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakaysayan, 1951-2019", *Tala: An Online Journal of History* 2, blg. 2 (2019): 72.

<sup>33</sup> Cf. Atoy Navarro, "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 1-32; Vicente Villan, "Sakayan, Sining, at Wika: Pagpopook sa Ugnayang Panlipunan at Pangkalinangan ng Pilipinas sa Harap ng Pangkaayusang Pagbabanyuhay sa Daigdig Noong Ika-17 at Ika-18 Siglo", *Saliksik E-Journal* 2, blg. 1 (2013): 1-29; Adonis Elumbre, "Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan", *Saliksik E-Journal* 3, blg. 1 (2014): 1-29; Nancy Kimuell-Gabriel, "Andres Bonifacio: Kapookan, Kaisipan, at Kabayanihan", *Saliksik E-Journal* 3, blg. 2 (2014): 1-25; Lars Raymund Ubaldo, "Mga Pananda sa Paglilipat-pulo at Pagtatatag ng Panahanang Austronesyano", *Saliksik E-Journal* 4, blg. 1 (2015): 1-12; Adonis Elumbre, "Pagpopook ng Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa Araling Kabanwahan", *Saliksik E-Journal* 4, blg. 2 (2015): 1-26; Ma. Florina Orillos-Juan, "Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin", *Saliksik E-Journal* 5, blg. 1 (2016a): 1-43; Roderick Javar, "Kasaysayang Buhay: Pananaw, Pamamaraan, Pananaliksik", *Saliksik E-Journal* 5, blg. 2 (2016a): 1-47; Mary Jane Rodriguez-Tatel, "Araling Etniko sa Wikang Filipino: Pagpapaibayo ng Pilipinolohiya/Araling



Nagpapatuloy pa rin ang pag-aambag ng *Saliksik* sa talastasang Pilipino. Sa aking panayam kay Atoy Navarro (2018b), nakahanda sa mga susunod na isyu ng dyornal ang iba pang mga tema. Kabilang na rito ang *Liktao at Naratibo* (2018); *Araling Pampalakasan* (2019); *Ekonomiyang Pulitikal, Pagbabago ng Klima, at Katutubong Pananaw* (2019); *Bisyo at Libangan* (2019); *Mga Dalumat Pantayo* (2020); *Silangang Asya* (2020); at *Araling Pangrelihiyon* (2020).<sup>34</sup>

Sa bawat isyung inilabas ng dyornal, kalakip nito ang mga panunuring-aklat na sumasalamin sa mga akdang mayroong kinalaman sa daloy ng partikular na tomo ng talastasan.

### 2. Naglalabas ng mga *Artikulong Rebyu ang Saliksik*

Hindi katulad ng mga tipikal na dyornal, bukod sa mga nilalaman, kontrolado ng karamihan ang bilang ng mga pahina at salita sa bawat artikulo. Kadalasan sa panunuring-aklat, ideyal na raw ang 500 hanggang 2,000 mga salita upang komprehensibong maipaliwanag ang nilalaman at kritik hinggil sa mga aklat.<sup>35</sup> Kaiba ito sa katangian ng *Saliksik*, hindi nito inaalintana ang haba ng mga artikulo. Dahil nga sa elektronikong dyornal ito, aksesibol na ang mga artikulo nito. Ayon kay Atoy Navarro (2018b), “*sa Saliksik, walang kaso kung mahaba ang isusulat, mala-monograf man iyan, o 100 pahina pa o higit pa... elektroniko naman ang dyornal, ang mahalaga ay mailabas ang komprehensibong pag-aral ng bawat manunulat. Hindi dapat tinitipid ang kaalaman*”.<sup>36</sup>

Sa maiikling tinurang “rebyu”, posibleng makaligtaan ng rebyuwer ang kabuuan at aktuwal na nilalaman ng mga aklat kung kakawing ang mga rebyu sa mga nabanggit na uri ng panuntunan. Kaya’t maliban sa pagpopook, kinakailangang mabuod muna ang nilalaman ng aklat at

---

Pilipino”, *Saliksik E-Journal* 6, blg. 1 (2017): 1-38; Nancy Kimuell-Gabriel, “Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap”, *Saliksik E-Journal* 6, blg. 2 (2017): 1-96; Atoy Navarro, “Brindis para kay Nilo S. Ocampo: Pagpupugay sa Isang Natatanging Likasyan at Pangunahing Haligi ng Bagong Kasaysayan”, *Saliksik E-Journal* 7, blg. 1 (2018a): 1-26; at Michael Charleston Chua, “Midyang Pangmadla at Sambayanang Pilipino sa Harap ng Diktadura at Demokrasya”, *Saliksik E-Journal* 7, blg. 2 (2018): 1-14.

<sup>34</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (cerca 2018b).

<sup>35</sup> Cf. muli, USC, *Organizing Your Social Sciences Research Paper*.

<sup>36</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (cerca 2018b).



pagkatapos doo’y bibigyan ng komendasyon at samu’t saring kritik. Ito ang paulit-ulit na tinutumbok ni Zeus Salazar (2021) bilang talamak na suliranin ng mga rebyu. Binabalaho ng ilang rebyuwer kung minsan ang mga nirerebyu at sinusuring aklat. Malunos at hindi nalalapatan ng tamang paghatol. Sa madaling salita, problematiko kung minsan ang pagkanaw sa mga akda.<sup>37</sup> Walang pagbubuod, pinaikli (*shortcut*), at hindi naman talaga nabasa o natumbok ang adhikain at argumento ng mismong may-akda. Bilang resulta, *dishonest review* ang karaniwang lumalabas. Ilan sa mga mismong akda ni Salazar ang tinuran niyang balaho ang pagkakarebyu. Sa kanyang ilang dekadang buhay bilang iskolar, ilan sa kanyang mga akda ang nirebyu o sinuri nang wala man lang pagbubuod bago bigyan ng kritik.<sup>38</sup> Mayroon din itong engkuwentro na nirebyu lamang ang isang kabanata ng kanyang aklat ngunit tila lumihis o salungat sa tunay na tesis at argumento ni Salazar sa mismong akda nito.


Kaya’t laging pinapaulit-ulit ng *Saliksik* kung bakit tila mahalaga ang pagkakaroon ng pagpopook sa pagrerebyu at pagsusuri ng mga akda. Ang mga layunin nitong maging substansiyal at komprehensibong paglabas ng mga rebyu ay nagdala sa pagkalas nito sa mga tipikal na tinurang *article review*. Ayon kay Navarro (2021) artikulong rebyu (*article review*) at hindi simpleng rebyu ang inilalathala ng *Saliksik*. Sa ilalim ng mga artikulong rebyu, ipinopook ang akdang sinusuri sa malawak na talastasan tungkol sa pinapaksa ng aklat. Ani niya, hindi lamang tekstuwal ang inaasahang panunuri bagkus kontekstuwal, intertekstuwal at maging sabtekstuwal din.<sup>39</sup> Ito marahil ang merito ng mga rebyung inilalabas ng *Saliksik*. Bagama’t mayroong kahabaan at marahil para sa iba, hindi isang rebyu ang uri ng ginagawang pagrerebyu nito, nag-iwan naman ito ng isang katotohanang kinakailangang ibayo, madiwa, at malawak ang pagrerebyu.

---

<sup>37</sup> Komunikasyon kay Zeus Salazar sa e-mail (2021, Enero).

<sup>38</sup> Ilan sa mga akda nito ay ang Zeus Salazar, *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998) at Zeus Salazar, *Pangulong ERAP: Biograpiyang Sosyo-Pulitikal at Pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada*, Tomo 1. Pinunong Bayan: Tungo sa Hamon ng EDSA II (San Juan, Metro Manila: RPG Foundation Inc, 2005). Para sa *ERAP*, binigyan din ito ng rebyu ni Atoy Navarro. Cf. “Si Salazar bilang Babaylan ng Epikong ERAP (Panimulang Panunuring-Akda sa Inihahandang Zeus Salazar, *Pangulong ERAP: Biograpiyang Sosyo-Pulitikal at Pangkalinangan ni Joseph Ejercito Estrada*, 2004)”, binasang papel sa Kolehiyo ng Letran noong Abril 29, 2004.

<sup>39</sup> Komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2021, Marso 24).



Ang ganitong kaugalian at disiplina ng pagrerebyu ay naipamana halimbawa ni Salazar sa kanyang mga mag-aaral. Ayon sa kanya, kinakailangang malawak ang susulating rebyu sa mga akda. Ang anumang pagtaliwas at hindi tapat na panunuri sa mga akda ay hindi maituturing na panunuring-aklat, panunuring-artikulo, o sa anumang mga rebyu. Disiplinal at teoretikal ang pagrerebyu. Kaya't para sa akin, isang sangay rin ng akademikong rebyu ang pagbibigay anotasyon sa isang akda. Malinaw itong ginawa ni Salazar halimbawa. Isinalin nito ang akda nina Karl Marx at Friedrich Engels sa wikang F/Pilipino mula sa wikang Aleman.<sup>40</sup> Katangtangi ang kanyang ginawa. Liban sa pagsasalín, nilapatan niya ito ng anotasyong kaakibat na rin ang pagrerebyu.

### 3. Higit pa sa *Pantayong Pananaw* ang *Saliksik*

Bilang pagtugon sa paratang ng ilang mga kritiko sa *Pantayong Pananaw* bilang isang eksklusibista, isolationista, natibista, at ganap na emikong kaisipang pangkasaysayan, sinagot ng mga dyornal ng *Saliksik* ang malawak na saklaw nito bilang benyu ng talastang Pilipino. Mababakas sa *Saliksik* ang pag-aangkin ng *Pantayo* sa banyagang mga akda na magiging kapaki-pakinabang sa talastasang F/Pilipino.

Kumakatawan ang mga rebyu ng *Saliksik* sa iba't ibang perspektiba pagdating sa pananaw at talastasan. Malinaw namang nabanggit ni Salazar (1999) na ang kasaysayan at pag-aaral nito ay mayroong iba't ibang (1) mananalaysay, nagsasalita, o nakikipagtalastasan; (2) mga sinalaysayan, kinakausap, o katalastasan; (3) wika ng talastasan; at (4) kasaysayan o kalinangang paksang pinag-uusapan.<sup>41</sup> Kayat mula sa balangkas na ito, nakabuo ako ng kategorisasyon hinggil sa mga uri ng pagrerebyu ng mga akda batay sa mga pananaw.<sup>42</sup> Maihahanay at maihahati ito sa apat na uri –

---

<sup>40</sup> Karl Marx at Friedrich Engels, *Ang Manifesto ng Partido Komunista, Isinalin mula sa Orihinal na Aleman at Nilapatan ng mga Anotasyon ni Z. A. Salazar*, Bagong Kasaysayan. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas. Lathalain Blg. 10 (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000).

<sup>41</sup> Zeus Salazar, *Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon*, Bagong Kasaysayan. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas. Lathalain Blg. 8 (Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan, Inc., 1999).

<sup>42</sup> Malinaw na itong binalangkas ni Zeus Salazar. Ayon sa kanya, ang pang-unawang *pansila* ay may kakayahang usisain ang kasaysayan ng mga ibang bayan at kalinangan mula sa mga sariling konsepto at kategoryang pangkaisipan. Sa ilalim ng pagsusulat o pananalita ng mga *pansila*, ang ibang kalinangan at kasaysayan ang inilalahad sa madla – gamit ang kanilang sariling wika. Malaki





(1) Ingles na aklat tungo sa Ingles na rebyu = kumakatawan sa *pangkayong pananaw* = mula sa *labas* at tungo sa *labas*; (2) Ingles na aklat tungo sa F/Pilipino na rebyu = kumakatawan sa *pansilang pananaw* = mula sa *labas* patungo sa *loob* dahil inaangkin natin ang mga kaalaman mula sa *labas*; (3) F/Pilipino na aklat tungo sa Ingles na rebyu = kumakatawan sa *pangkaming pananaw* = mula sa *loob* patungo sa *labas* dahil inaangkat natin patungo sa diskursong banyaga ang sarili nating kaalaman; at (4) F/Pilipino na aklat tungo sa F/Pilipino na rebyu = na ganap na kumakatawan sa *pantayong pananaw* = mula sa *loob* tungo sa *loob*.

Sa pangkabuuan, *pansila* at *pantayong pananaw* ang tipikal na inilalabas na rebyu ng *Saliksik*. *Pansila* sapagkat ang mga Ingles na akda ay nirerebyu sa pamamagitan ng wikang sarili upang maunawaan sa talastasang Pilipino. Gayundin malamang ang tunguhin ng *Pantayo* na sumusuri sa mga Pilipinong akda gamit ang wikang F/Pilipino.

Gayumpaman, una nang ginawa ni Salazar ang pagrerebyu sa mga akda gamit ang *Pansilang Pananaw*. Hindi lamang mga akdang Ingles ang kanyang nabasa at nasuri bagkus maging ang ibang wika rin. Tampok na halimbawa sa kanyang mga naisulat na rebyu ay ang tungkol sa akdang Pranses ni George Fischer (1960)<sup>43</sup> at Ruso ni Yu Levtonova (1973).<sup>44</sup> Marami

---

ang paniniwalang nagmula sa punto-de-bistang pansila ang mga tomo ng aklat pangkasaysayan nina Emma Blair at James Alexander Robertson. Mahihinuha na isa itong produkto ng pagpapalawak ng mga Amerikano sa kanilang kaalaman tungkol sa Pilipinas gamit ang kanilang sariling pananaw. Sa kabilang banda, ang *pantayo* ay nakikipag-usap sa isa't isa gamit ang sariling wika, pananaw, at kabuluhan. Madalas na hindi nauunawaan ng taga-labas (sila) ang diskurso ng tayo (ako at ikaw) dahil sa ganoong pagtrato. Cf. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), 39.

<sup>43</sup> Zeus Salazar, "George Fischer. Un Cas de decolonisation Les Etats-Unis et les Philippines," nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan I*, ed. Zeus Salazar (Diliman, Lunsod Quezon: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977b): 219-222 at (unang limbag sa) Georges Fischer, "Si Rizal at ang Makabagong Pagkamakabansa," nasa *Ang Kasaysayan Diwa at Lawak*, *Dyornal ng Malawakang Edukasyon* 27/28, Zeus Salazar (pat. at tgsln.), 69-79 (Lunsod Quezon: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974): 69-79, rebyu sa George Fischer, *Un Cas de decolonisation Les Etats-Unis et les Philippines* (Paris: Librairie generale de droit et de jurisprudence, 1960).

<sup>44</sup> Zeus Salazar, "Sulat sa Patnugot Mula kay Yu Levtonova, Salin at Sagot ng Patnugot", nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan I*, ed. Zeus Salazar (Diliman, Lunsod Quezon: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977b): 237-241 at (unang limbag sa) Zeus Salazar, "Panunuring Aklat II: Yu Levtonova, Istorya obshchestvennoj Mysli na Filipinakh (vtoroya polovina xix.v.)", nasa *Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, XXVII – XXVIII, ed. Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Kolehiyo ng Sining at Agham,



sa mga pag-aaral na naisulat ng mga banyagang akda at pananaw ang direktang pumapatungkol sa kasaysayan ng Pilipinas o sa rehiyon at sa mga paksang kinabibilangan nito. Kaya't isa sa mga merito ng *Saliksik* ang maglabas ng mga rebyung nagsusuri sa mga banyagang akda at pananaw at pagkatapos isusulat sa wika at talastasang nauunawaan ng bayan.

**MGA ISYU NG AKADEMIKONG REBYU SA SALIKSIK E-JOURNAL (2012-2018): ISANG PAGBABALIK-TANAW SA PANIMULANG KONTRIBUSYON**

Katulad ng nabanggit, taong 2012 unang naglabas ng isyu ang *Saliksik*. Mula sa pagiging sistematiko at tematiko ng bawat isyu, konsistent din ang paksa ng kanilang sinusuri at nirerebyung mga akda. Unang masisilayan ang uri at paraan ng pagrerebyu sa isyu ng *Tomo 1, Bilang 2* noong 2012 na pinamamatnugutan ni Atoy Navarro.<sup>45</sup> Pumapatungkol ang isyu sa samu't saring pag-aaral sa Timog Silangang Asya na nasa diwa ng *Araling Kabanwahan*. Mula sa isyung ito, kalakip nito ang anim na artikulong rebyu sa mga banyagang akda. Tampok dito ang mga pag-aaral na pinamagatang *Mahahalagang Pag-aaral sa Kasaysayan, Kultura, at Wikang Austronesyano* (2012) ni Frieda Marie Bonus-Adeva sa *Austronesian Historical Linguistics and Culture History: A Festschrift for Robert Blust* (2009) na pinamamatnugutan nina Alexander Adelaar at Andrew Pawley;<sup>46</sup> *Tungo sa Bagong Metodo sa Pagsusuri ng mga Di-Antropomorpikong Palayok* (2012) ni Grace Barretto-Tesoro sa tesis na *A Stylistic Analysis of the Decorated Non-Anthropomorphic Earthenware Vessels from Ayub Cave in Maitum, Sarangani Province in Southern Philippines* (2009) ni Eliza Romualdez-Valtos;<sup>47</sup> *Pagkakaingin Bilang Tradisyunal na Paggamit ng Lupa*

---

Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974b): 520-530, rebyu sa Yu Levtonova, *Istoriya obshchestvennoij Mysli na Filipinakh* (Moscow, Russia, 1973).

<sup>45</sup> Atoy Navarro, "Araling Kabanwahan. Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 1-32.

<sup>46</sup> Frieda Marie Bonus-Adeva, "Mahahalagang Pag-aaral sa Kasaysayan, Kultura, at Wikang Austronesyano", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 136-149, rebyu sa Alexander Adelaar at Andrew Pawley, eds., *Austronesian Historical Linguistics and Culture History: A Festschrift for Robert Blust* (Canberra: Pacific Linguistics, Research School of Pacific and Asian Studies, The Australian National University, 2009).

<sup>47</sup> Grace Barretto-Tesoro, "Tungo sa Bagong Metodo sa Pagsusuri ng mga Di-Antropomorpikong Palayok", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 150-156, rebyu sa Eliza Romualdez-Valtos, *A Stylistic Analysis of the Decorated Non-Anthropomorphic Earthenware Vessels from Ayub*



sa *Timog Silangang Asya* (2012) ni Ma. Florina Orillos-Juan sa *Human Ecology Special Issue: Swidden Agriculture in Southeast Asia* (2009) na pinamatnugutan nina Ole Mertz, Christine Padoch, Jefferson Fox at iba pa;<sup>48</sup> *Sinaunang Ginto sa Pilipinas: Simbolo ng Kayamanan at Kasalatan sa Kaalaman* (2012) ni Joan Tara Reyes sa *Philippine Ancestral Gold* (2011) na pinamatnugutan ni Florina Capistrano-Baker;<sup>49</sup> *Mga Sona na Kalakalang Internasyunal: Kasaysayan ng Sinaunang Timog Silangang Asya* (2012) ni Portia Reyes sa *A History of Early Southeast Asia: Maritime Trade and Societal Development, 100-1500* (2011) ni Kenneth Hall;<sup>50</sup> at *Kapital, Komoditi, at Network sa Ugnayang Tsina-Timog Silangang Asya* (2012) ni Arthit Jiamrattanyoo sa *Chinese Circulations: Capital, Commodities, and Networks in Southeast Asia* (2011) na pinamatnugutan ng mga iskolar na sina Eric Tagliacozzo at Wen-Chin Chang.<sup>51</sup>

Sumunod na pinamatnugutan ni Vicente Villan noong 2013 ang *Tomo 2, Bilang 1* na mayroong kinalaman sa mga ideolohiya at penomenong pangkasaysayan na may tuon sa teorya at praksis pangkasaysayan.<sup>52</sup> Apat na artikulong rebyu ang itinampok sa isyung ito. Kabilang na rito ang mga akdang *Ang Lumang Tagalog Bilang Batis ng Kaalamang Numerikal* bilang

---

*Cave in Maitum, Sarangani Province in Southern Philippines* (Tesis Masteral sa Arkeolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2009).


<sup>48</sup> Ma. Florina Orillos-Juan, "Pagkakaingin Bilang Tradisyunal na Paggamit ng Lupa sa Timog Silangang Asya", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 157-166, rebyu sa Ole Mertz, Christine Padoch, Jefferson Fox, Robert Cramb, Stephen Leisz, Nguyen Thanh Lam, at Tran Duc Vien, eds., *Human Ecology Special Issue: Swidden Agriculture in Southeast Asia* (New York: Springer Science & Business Media, 2009).

<sup>49</sup> Joan Tara Reyes, "Sinaunang Ginto sa Pilipinas: Simbolo ng Kayamanan at Kasalatan sa Kaalaman", *Saliksik E-Journal* 1, blg. 2 (2012): 167-175, rebyu sa Florina Capistrano-Baker, ed., *Philippine Ancestral Gold* (Makati City at Singapore: Ayala Museum at National University Singapore Press, 2011).

